Mensahe Tatlo

# Ang Muling Pagtatayo ng Altar ng Diyos—<br>ang Altar ng Handog na Susunugin

Babasahin sa Kasulatan: Lev. 1:3-11, 13-14, 17; 6:9, 12a, 13; Bil. 28:2; Ezra 1:2-3, 5; 3:2-3, 6a; Aw. 43:4a; Efe. 5:2; Roma 12:1

**I. "Kanilang itinayo ang altar ng Diyos ng Israel upang mag-alay ang mga handog na susunugin sa ibabaw nito, gaya ng nasusulat sa kautusan ni Moses ang tao ng Diyos"—Ezra 3:2b:**

A. Para sa pagbabawi ng bahay kailangan natin ang pagbabawi ng altar—1:2-3, 5; 3:2-3:

1. Ang unang bagay na dapat bawiin para sa buhay ekklesia ay ang altar—Roma 12:1:

a. Bago tayo magkaroon ng buhay ekklesia, dapat nating ilagay ang lahat sa ibabaw ng altar—Aw. 43:4a.

b. Dapat nating ilagay ang lahat ng mayroon tayo, lahat ng kung ano tayo, at lahat ng magagawa natin sa altar para sa kasiyahan ng Diyos; ito ang simula ng buhay ekklesia.

2. Ang suliranin ay yaong nakabalik na tayo mula sa Babilonia patungong Herusalem, subalit sa Herusalem marahil ay iniingatan pa rin natin ang maraming bagay para sa ating sariling interes; maaaring hindi natin ialay ang lahat ng bagay sa altar para sa interes ng Diyos at para sa kasiyahan ng Diyos—Roma 12:1:

a. Hindi tayo maaaring bumalik sa Herusalem subalit pinapanatili ang ating buhay gaya ng sa Babilonia.

b. Ang buhay sa Herusalem ay dapat maging lubusang para sa interes ng Panginoon.

B. Ang altar ng handog na susunugin ay sumasagisag sa krus ni Kristo—Exo. 27:1; 40:6; Heb. 13:10:

1. Sa Kanyang ekonomiya ay ibinibigay sa atin ng Diyos ang isang persona—si Kristo—at isang daan—ang krus—1 Cor. 2:2:

a. Ang krus ay ang sentro ng paggawa ng Diyos sa Kanyang ekonomiya—Gal. 1:4; 2:19-21; 3:1, 13; 5:24; 6:14.

b. Pinamamahalaan ng Diyos ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng krus at tinutuos ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng krus—Col. 1:20-22; 2:11-15.

2. Ang krus ang basehan, ang batayan, na lahat ng espirituwal na karanasan; lahat ng espirituwal na karanasan ay nagsisimula sa krus—Gal. 2:20; 6:14; 1 Cor. 2:2:

a. Upang sumulong sa pang-espirituwal, kailangan nating dumaan sa krus araw-araw—Mat. 10:38; 16:24; Luc. 14:27.

b. Kung nais nating magkaroon ng wastong buhay ekklesia, kailangan nating maranasan ang krus—Efe. 2:14-16.

c. Sa pamamagitan ng krus kailangan nating maging walang anuman, hindi nagtataglay ng anuman, at hindi makakagawa ng anuman; kung hindi, kung ano tayo, kung ano ang tinataglay natin, at kung ano ang magagawa natin ay magiging panghalili kay Kristo—1 Cor. 1:17-18, 23.

**II. "Sila ay nagsimulang maghandog ng handog na susunugin kay Jehovah"—Ezra 3:6a:**

A. Ang handog na susunugin ay sumasagisag sa pagiging lubusan ni Kristo para sa kasiyahan ng Diyos—Lev. 1:3-9:
   1. Ang handog na susunugin, na lubusang para sa kasiyahan ng Diyos, ay sumasagisag kay Kristo bilang kaluguran at kasiyahan ng Diyos—Efe. 5:2.
   2. Ang handog na susunugin ay sumasagisag kay Kristo hindi lamang sa Kanyang pamumuhay ng isang buhay na sakdal at lubusan para sa Diyos bagkus gayundin sa Kanyang pagiging ang buhay na nagbibigay kakayahan sa bayan ng Diyos na magkaroon ng gayong pamumuhay—Juan 5:19, 30; 6:38; 7:18; 8:29; 14:24; 2 Cor. 5:15; Gal. 2:19-21.
   3. Ang handog na susunugin ay si Kristo mismo, at tayo ay kaisa Niya; kaya, ang handog na susunugin ay ang ating kaisahan din kay Kristo—1 Cor. 6:17.
B. Ang handog na susunugin ay para sa pagkain ng Diyos upang matamasa ito ng Diyos at masiyahan—Bil. 28:2:
   1. Bagama't ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat, hindi Niya maaaring bigyan ng pagkain ang Kanyang sarili; dapat manggaling ang Kanyang pagkain sa Kanyang bayan—b. 2.
   2. Si Kristo ang pagkain ng Diyos, subalit hindi Siya ang pagkain ng Diyos sa isang direktang paraan; sa halip, si Kristo ang pagkain ng Diyos na inihahain natin sa Diyos.
C. Ang salitang Hebreo na isinaling "handog na susunugin" ay literal na nangangahulugang "yaong umaakyat" at nagpapahiwatig ng isang bagay na umaakyat sa Diyos; ang pag-akyat na ito ay tumutukoy kay Kristo—Lev. 1:3, 10, 14:
   1. Ang tanging bagay na maaaring umakyat sa Diyos mula sa lupa ay ang buhay na ipinamuhay ni Kristo, sapagkat Siya ang bukod tanging persona na namuhay ng isang buhay na lubusang para sa Diyos—Juan 6:38:
      a. Si Kristo bilang ating handog na susunugin ay ganap na para sa Diyos, lubusang para sa Diyos—4:34; 5:30; Heb. 10:8-10.
      b. Anuman ang Panginoong Hesus, anuman ang sinalita Niya, at anuman ang ginawa Niya ay lubusang para sa Diyos—Juan 6:38; 5:17, 36, 43; 8:28; 10:25; 12:49-50.
   2. Sa pamamagitan ng pagpatong na ating mga kamay kay Kristo bilang handog na susunugin, tayo ay naiuugpong sa Kanya—Lev. 1:4; 1 Cor. 6:17.
   3. Habang si Kristo ay namumuhay sa loob natin, inuulit Niya sa loob natin ang buhay na ipinamuhay Niya sa lupa, ang buhay ng handog na susunugin—Gal. 2:20.
D. Ang handog na susunugin ay "isang nakasisiyang samyo kay Jehovah"—Lev. 1:9, 13, 17:
   1. Ang salitang Hebreo na isinaling "nakasisiyang samyo" ay literal na nangangahulugang "lasap ng kapahingahan o kasiyahan"—b. 9.
   2. Ang nakasisiyang samyo ay isang lasap na nagdadala ng kasiyahan, kapayapaan, at kapahingahan; ang gayong nakasisiyang samyo ay isang pagtatamasa sa Diyos.
   3. Sapagkat si Kristo ay namuhay ng isang buhay na lubusang para sa kasiyahan ng Diyos, ang Kanyang pamumuhay ay isang nakasisiyang samyo, isang matamis na lasap na umaakyat sa Diyos para sa Kanyang kaluguran at kasiyahan—Efe. 5:2.

**III. Sa Levitico ang unang handog na binanggit ay hindi ang handog sa kasalanan o ang handog sa pagkakasala kundi ang handog na susunugin—1:3:**

A. Kailangan natin si Kristo una bilang ating handog na susunugin sapagkat ang ating unang situwasyon sa harap ng Diyos, ang ating unang suliranin kaugnay sa Diyos, ay hindi isang bagay ng pagkakasala kundi ang pagiging hindi para sa Diyos:
   1. Nilikha tayo ng Diyos upang maging Kanyang kahayagan at Kanyang kinatawan—Gen. 1:26.
   2. Nilikha tayo ng Diyos upang tayo ay maging para sa Kanya; hindi Niya tayo nilikha para sa ating mga sarili, subalit bilang mga natisod na tao, tayo ay namumuhay para sa ating mga sarili, hindi para sa Kanya.

B. Ang handog na susunugin ay nangangahulugan na bilang mga nilikha ng Diyos para sa layunin ng paghahayag at pagkakatawan sa Kanya, dapat tayong maging para sa wala ng iba maliban sa Diyos—bb. 27-28; cf. Aw. 73:25; Marc. 12:30.

C. Kailangan nating matanto na tayo ay hindi lubusang para sa Diyos at sa ating mga sarili ay hindi tayo maaaring maging lubusan; samakatuwid, kailangan nating kunin si Kristo bilang ating handog na susunugin—Lev. 1:3-4.

**IV. Ang mamuhay ng isang buhay ng patuloy na handog na susunugin ay ang maging isang haing buháy—Rom. 12:1:**

A. Ang handog na susunugin ay isang sagisag ng pag-aalay ng ating sarili, ng ating paghahandg ng ating mga sarilli bilang isang haing buháy; ang kahulugan ng pag-aalay ng sarili ay ang ihandog ang ating mga sarili sa Diyos bilang isang haing buháy—Lev. 1:3-4, 8-9; 6:9, 12a, 13; Roma 12:1.

B. Ang araw-araw na handog na susunugin sa Lumang Tipan ay sumasagisag na, sa Bagong Tipan, tayong napapabilang sa Diyos ay dapat mag-alay ng ating mga sarili sa Diyos araw-araw—Bil. 28:3-8.

C. Ngayon, sa ating buhay Kristiyano at buhay ekklesia, mayroong pangangailangan para sa patuloy na handog na susunugin—Lev. 1:3-4, 8-9; 6:9, 12a, 13.

**V. Kailangan nating sambahin ang Diyos Ama taglay si Kristo bilang handog na susunugin para sa kasiyahan ng Diyos upang tuparin ang Kanyang naisin—1:3, 9b; Bil. 28:2; Juan 4:23-24:**

A. Ninanais ng Diyos na sambahin natin Siya taglay si Kristo bilang ang realidad ng lahat ng mga handog; ang mga handog ay para sa pagpapalugod sa Diyos at ginagawa Siyang masaya—bb. 23-24.

B. Ang wastong pagsamba ay isang bagay ng pagpapasaya sa Diyos taglay si Kristo bilang ang handog na susunugin—1 Ped. 2:5; Juan 4:34; 5:30; 8:29:
   1. Kapag sinasamba natin ang Ama taglay si Kristo bilang ang realidad ng handog na susunugin, isang samyong kalugud-lugod sa Diyos ang aakyat sa Kanya para sa Kanyang kasiyahan—Lev. 1:9; John 4:23-24.
   2. Yamang ang Diyos ay nasisiyahan sa ating pag-aalay sa Kanya ng Kristo bilang ang realidad ng handog na susunugin, Kanyang igagawad ang Kanyang matamis na pagtanggap sa atin; ito ang kahulugan ng handog na susunugin—Bil. 28:2.

*© 2022 Living Stream Ministry*